

Sa pag-apply para magkaroon ng “Long Term Resident” visa ay kailangang imbistigahan ang mga banyagang mamamayan sa kanilang personal na rekord ayon sa bagong batas ng immigration control.

Dumarami ang mga kasong krimen na sangkot ang mga banyagang may Long term Resident visa. Sa dahilang ito ay mas mahigpit ngayon ang imigrasyon sa pagbibigay ng nasabing visa. Ang mga banyagang nag-aaply para sa Long term visa ay kinakailangan nang magbigay ng katibayan na sila ay may hindi nasasangkot sa ano mang krimen sa kanilang bansa.

● **Ang bagong batas na ito ay para sa mga sumusunod:**

- Kung ang inyong ninuno ay Hapones
- Kung ang inyong magulang ay may ninunong Hapon (kailangang menor de edad at walang asawa)
- Kung ang ninuno ng inyong asawa ay Hapones
- Kung ang isa sa inyong magulang ay may ninuno- ng Hapones (kailangang menor de edad at walang asawa)

Ang mga naulilang batang Hapones sa Tsina at mga kamag-anak ay hindi kasama sa bagong batas na ito.

★ Ang pagbibigay ng Long Term Resident Visa ng Ministro ng Hustisya sa isang banyaga ay ibinabase sa kanyang binibigay na dahilan sa pagpasok at pananatili sa bansa.

● **Sertifikasyon ng pagkakaroon ng magandang rekord**

Kailangang magsumite ng sertifikasyon ng pagkakaroon ng malinis na rekord o hindi pagkasangkot sa anomang krimen kung sila ay nais pumasok sa bansang Hapon at mabigyan ng Long term resident visa bilang kapamilya ng isang Hapones.

Halimbawa kung :

Brazilian • • • Magsumite ng Police Certificate galing sa Brazil Federal Police (Policia Federal) at Civil Police (Policia Civil) kung saan kayo nakatira.

Peruvian • • • Police Certificate galing sa Peru National Police , Identification Section, Criminal Identification Division, Criminal Record Certificate Issuance Department. (Policia Nacional de Peru, Direccion de Criminalistica, Division de Identificacion Criminalistica, Departamento de Expedicion de Certificados de Antecedentes Policiales)

Philippines • • Certification (PNPDI Clearance) na iniisyu ng Philippine National Police at Certification (NBI Clearance) na iniisyu ng National Bureau of Investigation.

● **Kung kayo ay may criminal rekord sa inyong bansa**

Kung ang isang banyaga ay nagkaroon ng criminal rekord sa ibang bansa at siya ay nahatulan ng pagkakalabuso, pagsisilbilbi sa komunidad o pagmumulta (kung ang dahilan ng pagmumulta ay paglabag sa batas trafiko, hindi ito itunuturing na kriminal rekord), siya ay hindi maituturing na may malinis na rekord. Subalit kung ang kanyang kaso ay alin man sa mga sumusunod, siya ay ituturing na exemption---① May 10 taon nang nakalipas mula ng mahatawan ② 10 taon na mula ng magkaroon ng kaso ③ Ang pagsususpende ay tapos na ④ May 5 taon na mula ng mahatawan ng pagmumulta o natapos na ang pagbabayad o kaya mula ng makasuhan ng nasabing pagmumulta.

● **Kung kayo ay may kriminal rekord sa Japan**

Ang isang banyagang mamamayan na nahatulan ng paglalabag sa batas at nakulong, o kaya nagbayad ng pagmumulta (paglabag sa batas trafiko ay hindi kasama), siya ay hindi masasabing may malinis na personal rekord.

- **Ang isang banyaga ay hindi masasabing may magandang rekord kung**
nasa pagkukop at pangangalaga ng Juvenile Law o kaya maraming beses na nasangkot sa illegal na mga gawain..
- **Kung kayo ay pansamantalang lumabas ng Japan at sa inyong pagbabalik**
Ang isang banyaga ay kailangang magsumite ng clearance mula sa polisya o kagayang organisasyon sa kanyang bansa bilang pagpapatunay ng pagkakaroon ng malinis na rekord kung siya ay tumigil sa sariling bansa ng **mahigit 3 buwan**.

Alamin ang refuge areas?

Sa panahon ng tag-ulan ay may mga pagbabaha at iba pang natural disasters na naglalagay sa panganib sa buhay at mga pag-aari ng mga mamamayan. Kadalasan ang pagbabagyo at pagbabaha ay sa buwan ng Sept. at Oct. Kung sakaling magkaroon ng malakihang pagbabaha sa ating lugar, alam ba ninyo ang mga refuge areas o evacuation sites sa inyong komunidad? Kung sakaling magkaroon ng malakihang bagyo, maaring malagay kayo sa panganib, masira ang inyong bahay, kaya dapat alamin mga refuge areas at evacuation sites na ito.

「避難場所」(photograph) Tandaan ang lugar na may nakasulat ang Japanese character na ito, katumbas ng refuge areas sa Hapones



Fujimi-shi International Exchange Forum malapit nang ganapin!

Ang Fujimi-shi International Exchange Forum ay gaganapin sa Oct. 15, 2006(SUN). Ang ebentong ito ay para mas maunawaan ang mga banyagang kultura at makilala ang mga banyagang residente sa ating lugar at magkaroon ng mabuting pagsasama ang mga mamamayang Hapon at banyagang residente. Ang FICEC ay isa sa mga organisasyong kasali sa malaking ebentong ito.

Maraming masasayang programa na ma-eeenjoy ninyo, kagaya ng mga palaro ng iba'ibang bansa, exhibitions at palabas ng mga banyaga, mga lutong banyaga, pagsasalaysay ng mga banyaga, atbp. Marami ding mga souvenir items na maaring maiwi. Sumali at makisaya kasama ang inyong pamilya. Gaganapin sa Fujimino Koryu Center, 10 min. mula Fujimino station.



● Pagpapayo para sa mga banyagang mamamayan ●●●

Ang FICEC (Fujimino International Cultural Exchange Center) ay tumutulong sa mga banyagang may mga problema. Libre ang counseling o paghihingi ng payo ukol sa pangaraw-araw na pamumuhay dito sa Japan. Pansamantalang matutuluyan ay ibibigay sa mga biktima ng pang-aabuso. Kung kayo ay may problema o may kailangang impormasyon, magtungo lamang.